




Mga Screening ng Pag-unlad ng Bata

Ang mga milestone sa pag-unlad ay ang mga aktibidad na karaniwang nagagawa ng mga bata sa isang partikular na edad, gaya ng kung paano maglaro, matuto, magsalita, o kumilos ang isang bata. Lahat ng maliliit na bata ay nangangailangan ng mga screening sa pag-unlad upang malaman mo, ng kanilang mga doktor, at ng kanilang mga guro kung kailangan ng iyong anak ng dagdag na suporta.



**Tawagan ang iyong PCP at
magpa-appointment ngayon!**



Makakuha ng \$50 para sa unang screening ng pag-unlad para sa iyong anak

Lahat ng batang may edad na 0 buwan hanggang 36 na buwan (3 taon) ay dapat makakuha ng mga screening sa pag-unlad. Maaari kang makakuha ng isang \$50 na gift card pagkatapos mong dalhin ang iyong anak sa kanilang unang checkup ng pag-unlad. Awtomatikong makakakuha ka ng isang \$50 na gift card sa koreo mula sa San Francisco Health Plan (SFHP)! Hindi mo kailangang sagutan ang anumang form upang makuha ang gift card.

Kailangan mong pumunta sa iyong pagpapatingin para sa kalusugan sa pagtatapos ng taon para makuha ang gift card. Ipapadala sa iyo ang gift card sa pamamagitan ng koreo 8 linggo matapos ang iyong pagpapatingin. Kung lumipat ka kamakailan, mangyaring tumawag sa Serbisyo sa Customer ng SFHP para i-update ang iyong address at matiyak na makukuha mo ang iyong gantimpala. Kung kukunin mo pa lang ang iyong gift card pagkalipas ng 8 linggo, mangyaring tumawag sa Serbisyo sa Customer ng SFHP.

Ano ang mangyayari sa screening ng pag-unlad?

Sa isang screening, ang iyong anak ay makakakuha ng isang maikling pagsusuri. O sasagutan mo ang isang survey tungkol sa iyong anak. May mga katanungan dito na tungkol sa kung paano nagsasalita, gumagalaw, nag-iisip, at nagpapahayag ng kanyang mga nararamdaman ang iyong anak. Ang pagsusuring ito ay tumutulong upang malaman kung kailangan ng iyong anak ng karagdagang suporta.

Kung kinakailangan ito, makakatulong ang dagdag na suporta sa iyong anak na maging malusog hangga't maaari.



Matuto nang higit pa tungkol sa mga milestone sa pag-unlad gamit **ang libreng checklist at Milestone Tracker app ng CDC.**

Kung mayroon kayong mga tanong, puwede kayong tumawag sa San Francisco Health Plan Customer Service Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm sa **1(415) 547-7800, 1(800) 288-5555** (toll-free) o **711** (TTY).